



Bakuna sa COVID-19

Bilyong-bilyong dosis ng bakuna sa COVID-19 ang naibigay na nang ligtas sa buong mundo mula pa noong Disyembre 2020. Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention na ganap na makapagpabakuna laban sa COVID-19 ang lahat na nasa 5 taong gulang pataas para maprotektahan laban sa karamdaman at makatulong sa pagpigil sa pandemya.



T: Bakit kailangan kong magpabakuna?

Mula nang lumitaw ang coronavirus noong 2019, kinitil nito ang buhay ng milyon-milyon tao sa buong mundo. Ang pinakamainam na paraan para maiwasan ang impeksyon at para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad ay ang makapagpabakuna.

Binigyang-awtorisasyon o inaprubahan ng U.S. Food & Drug Administration (FDA) ang mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech, Moderna at Johnson & Johnson bilang ligtas at lubhang mabisa sa pagpigil ng malulubhang kaso na nagdudulot ng pagkakaospital o kamatayan. Libre ang lahat ng bakuna sa COVID-19 na inaprubahan at binigyang-awtorisasyon ng FDA.

T: Paano ako makakapagpabakuna?

Maraming bakuna sa COVID-19 sa mga klinikang pangkalusugan at mga parmasya sa buong bansa. Tawagan ang iyong doktor para magpa-appointment. O maghanap sa [vaccines.gov](https://www.vaccines.gov), i-text ang iyong ZIP code sa 438829, o tumawag sa 1-800-232-0233 para makahanap ng mga lokasyong malapit sa iyo. Maaaring may masasakyan tungo sa mga dako ng pagbabakuna kung kinakailangan.

T: Magkano ang bakuna?

100% libre ang bakuna, pati na rin ang lahat ng singil sa pagsasagawa nito. Maaaring humingi ang mga provider ng impormasyon tungkol sa pasyente, gaya ng social security number para maberipika ang status ng insurance, ngunit hindi kailangan ang impormasyong ito para mabakunahan ang mga tao.

T: Ano-ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga bakuna sa COVID?

Ang mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer at Moderna ay nangangailangan ng ikalawang dosis, ngunit may bahagyang pagkakaiba sa pagitan: Ang ikalawang dosis ng Pfizer BioNTech ay ibinibigay 21 araw matapos ang unang dosis, habang ang Moderna ay nakaiskedyul sa loob ng 28 araw matapos ang unang dosis. Sa isang dosis lang ibinibigay ang bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson.

Hindi pwedeng ipaghalinhinan ang mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer at Moderna. Alinmang bakuna ang natanggap mo sa iyong unang dosis ay dapat pareho sa ikalawang dosis. Itala kung anong bakuna ang natanggap mo.

T: Ganap na ang dosis ng bakuna ko. Kailangan ko ba ng booster?

Inaprubahan ng CDC ang booster na dosis ng mga bakuna sa COVID-19 para sa ilang populasyon.

Ang mga indibidwal na nakatanggap ng mga bakuna ng Pfizer o Moderna ay pwedeng magpaturok ng booster anim na buwan o higit pa, matapos ang kanilang ikalawang dosis kung sila ay mas matanda sa 65. At, sa mga mas matanda sa 18 na naninirahan sa mga lugar ng pangmatagalang pangangalaga, may mga nakapailalim na medikal na kondisyon, o nagtatrabaho sa industriyang mataas ang panganiib ay pwede ring magpaturok ng booster.

Ang mga nasa 18 taong gulang pataas ay dapat tumanggap ng booster na turok nang hindi bababa sa 2 buwan matapos matanggap ang kanilang bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson/ Janssen.

Ang alinman sa mga umiiral na bakuna ay pwedeng gamitin para sa booster, kahit pa ang naunang bakuna ay mula sa Pfizer, Moderna o Johnson & Johnson.

T: Nagkaroon na ako ng COVID-19. Kailangan ko pa ba ang bakuna?

Oo. Inirerekomenda ng CDC na magpabakuna ang mga tao kahit nagkaroon na sila ng COVID-19. Ang katatagan ng immunity na nalilikha ng pagkakaroon ng COVID-19 ay hindi nalalaman; posibleng magkaroon muli na may kasamang malubhang mga komplikasyon sa kalusugan. Subalit, kung mayroon kang COVID-19 sa kasalukuyan, hindi ka dapat magpabakuna hanggang sa gumaling ka at matapos ang panahon ng pagbubukod (20 araw para sa matitinding kaso, 10 araw para sa asymptomatic).

T: Magkaka-COVID-19 ba ako dahil sa bakuna?

Hindi. Wala sa alinman sa mga bakuna ang naglalaman ng SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Hindi ka magkakaroon ng COVID-19 dahil sa bakuna.

T: Ano-ano ang posibleng mga side effect ng bakuna?

Sa pangkalahatan, kasama sa mga side effect ng bakuna ang pamumula, pamamaga o pananakit sa dakong ininiksiyunan, pagkapagod o pakiramdam na may lagnat, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panginginig, pananakit ng kasu-kasuan, lagnat, pagduruwal at/o pamamaga ng lymph nodes.

Kapag nakaranas ka ng pamamaga sa dakong ininiksiyunan, makakatulong ang paggalaw sa iyong braso para maibsan ang pananakit at pamamaga. Uminom ng maraming tubig kung may lagnat ka. Ang mga sintomas na ito, at lahat ng iba pang side effect, ay maaaring magtagal ng 24-48 oras.

Makipag-ugnayan sa iyong doktor kung **madaragdagan** ang pamamaga o pamumula sa dakong ininiksiyunan matapos ang 24 na oras, o kapag nag-aalala ka sa mga side effect o kung mas tumagal ito kaysa sa ilang araw.

Sa bakuna ng Johnson & Johnson, may panganib na tinatawag ang CDC na "bihira ngunit malubhang kahihinatnan—mga pamumuo ng dugo na mababa ang mga platelet." Nangyari na ito sa humigit-kumulang pito kada 1 milyong babaeng nabakunahan sa pagitan ng mga edad 18 at 49 na taong gulang.

T: Ano ang dapat malaman ng isang taong may spinal cord injury kapag magpapabakuna?

Maraming taong may mga spinal cord injury ang nagpapabakuna nang walang anumang mga problema. Kung hindi isasaalang-alang ang mga alerhiya sa mga sangkap sa bakuna sa COVID-19, walang partikular na bagay sa bakuna na dapat ikabahala ng mga indibidwal na may mga spinal cord injury. Subalit, ang anumang pananakit o hindi magandang pakiramdam sa ibaba ng level ng injury na posibleng dulot ng mga side effect ay maaaring humantong sa mas mataas na presyon ng dugo at mag-trigger ng autonomic dysreflexia (AD), isang kondisyon na maaaring maging banta sa buhay. Iba-iba ang magiging mga sintomas, ngunit maaaring kabilang sa mga senyales ng AD ang bumabayong pananakit sa ulo, pamumula ng mukha, pamamawis sa itaas ng level ng injury, pangigingilabot sa ibaba ng level ng injury, pagbabara ng ilong, pagduruwal, at mabagal na pulso (mas mabagal sa 60 tibok kada minuto).

Bilang paunang pag-iingat, magdala ng [Reeve Foundation AD wallet card](#) (na naglalaman ng batayang presyon ng dugo, level ng injury at mga kontak sa panahon ng emergency) sa pagbabakunahan at manatili doon sa loob ng 30 minuto para matiyak na maayos ang pakiramdam mo.

T: Ano-anong impormasyong pangkalusugan ang dapat kong ibahagi sa provider ng bakuna bago magpabakuna?

Ilarawan ang lahat ng medikal na kondisyon, pati na rin kung may problema ka sa pagdurugo o kung umiinom ng pampalabnaw ng dugo, kung mayroon kang mga alerhiya, may lagnat, kung ikaw ay immunocompromised o umiinom ng gamot na nakakaapekto sa iyong immune system, kung buntis o nagbabalak magbuntis, kung nagpapasuso o kung nakatanggap ng ibang bakuna sa COVID-19.

T: Sino ang kailangang magpabakuna?

Ang sinumang nagkaroon ng matinding reaksiyon sa alerhiya sa anumang sangkap ng mga bakunang ito, o nakaranas ng matinding reaksiyon sa alerhiya matapos ang naunang dosis ng bakunang ito ay hindi dapat magpabakuna nito.

T: Ano-ano ang sangkap ng bakuna sa COVID-19 ng Pfizer?

Ang bakuna sa COVID-19 ng Pfizer ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap: messenger ribonucleic acid (mRNA), lipids ((4-hydroxybutyl)azanediyl)bis(hexane-6,1-diyl)bis(2-hexyldecanoate), 2 [(polyethylene glycol)-2000]-N,N-ditetradecylacetamide, 1,2-Distearoyl-sn-glycero-3- phosphocholine, at cholesterol), potassium chloride, monobasic potassium phosphate, sodium chloride, dibasic sodium phosphate dihydrate, at sucrose.

T: Ano-ano ang sangkap ng bakuna sa COVID-19 ng Moderna?

Ang bakuna sa COVID-19 ng Moderna ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap: messenger ribonucleic acid (mRNA), lipids (SM-102, polyethylene glycol [PEG] 2000

dimyristoyl glycerol [DMG], cholesterol, and 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine [DSPC]), tromethamine, tromethamine hydrochloride, acetic acid, sodium acetate, at sucrose.

T: Ano-ano ang sangkap ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson?

Ang bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap: recombinant, replication-incompetent adenovirus type 26 expressing the SARS-CoV-2 spike protein, citric acid monohydrate, trisodium citrate dihydrate, ethanol, 2-hydroxypropyl- β -cyclodextrin (HBCD), polysorbate-80, sodium chloride.

T: Nagkaroon ako ng matinding alerhiya noon; dapat ba akong magpabakuna?

Ayon sa CDC, ang mga indibidwal na may kasaysayan ng matitinding reaksiyon sa alerhiya (kabilang ang sa pagkain, alagang-hayop, venom, kapaligiran, mga alerhiya sa iniinom na gamot) na walang kinalaman sa mga bakuna o iniiniksyong gamot ay dapat pa ring magpabakuna.

Ang mga indibidwal na may kasaysayan ng anumang antas ng reaksiyon sa alerhiya sa ibang mga bakuna o iniiniksyong gamot ay dapat makipag-usap sa kaniyang doktor para malaman kung ligtas mabakunahan ng bakuna sa COVID-19.

Ang mga indibidwal na nagkaroon ng matinding reaksiyon sa alerhiya sa anumang sangkap sa isang bakuna sa COVID-19 na mRNA, o reaksiyon sa alerhiya sa polyethylene glycol (PEG) o polysorbate, ay hindi dapat magpabakuna ng alinman sa mga kasalukuyang bakuna.

Karaniwang magaganap ang matinding reaksiyon sa alerhiya sa loob ng isang oras matapos magpabakuna. Kabilang sa mga senyales ang kahirapang huminga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mas mabilis na tibok ng puso, pantal sa katawan, pagkahilo at panghihina. Ang mga indibidwal na nagkaroon ng matinding mga reaksiyon sa alerhiya noon ay dapat subaybayan sa site nang mahigit sa 30 minuto matapos mabakunahan.

T: Kailangan ko bang magpabakuna para sa COVID-19 at sa trangkaso (flu)?

Oo.

T: Pagkatapos kong mabakunahan, kailangan ko pa bang magsuot ng mask?

Inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mask ang mga indibidwal na ganap na ang dosis ng bakuna sa loob ng mga lugar kung saan madali ang pagkalat o kung mahina ang immune system dahil sa nakapailalim na medikal na kondisyon.

T: Ano ang pinakamagandang lugar para malaman ang pinakanapapanahon at pinakatumpak na impormasyon tungkol sa bakuna?

Napakahalagang umiwas sa maling impormasyon tungkol sa coronavirus at sa bakuna sa COVID-19. Ang pinakamagandang lugar para masuri ang katotohanan at makahanap ng tumpak na impormasyon ay sa madalas na naa-update na pahina ng mga mapagkukunan ng impormasyon sa [Centers for Disease Control and Prevention](#), [Food & Drug Administration](#) at sa mga website ng [Department of Health and Human Services](#).

Mga Pinagmumulan: Ang U.S. Centers for Disease Control and Prevention, U.S Department of Health and Human Services, at ang U.S Food & Drug Administration

Kailangan mo ba ng makakausap?

Ang aming mga Information Specialist ay maaaring sumagot sa iyong mga tanong.

Tumawag nang toll-free sa 1-800-539-7309 Mon-Fri, 9 nu-8 ng EST.

O [mag-iskedyul ng tawag](#) o [magtanong online](#).

Ang impormasyong nakapaloob sa mensaheng ito ay inihaharap para layunin ng pagbibigay-edukasyon at pagbibigay-kaalaman sa iyo tungkol sa paralysis at sa mga epekto nito. Walang anumang nakapaloob sa mensaheng ito ang dapat ipagpalagay, ni ito nilalayong gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat gamitin kapalit ng payo ng iyong doktor o iba pang kwalipikadong provider ng pangkalusugang pangangalaga. Kung mayroon kang anumang mga tanong na may-kinalaman sa kalusugan, mangyaring agad na tumawag o pumunta sa iyong doktor o sa ibang kwalipikadong provider ng pangkalusugang pangangalaga. Palaging kumonsulta sa iyong doktor o sa ibang kwalipikadong provider ng pangkalusugang pangangalaga bago magsimula sa bagong paggagamot, diet o programa sa fitness. Hindi mo dapat balewalain ang medikal na payo o mag-atubili sa paghahanap nito dahil sa anumang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang lathalang ito ay suportado ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad ng pinansyal na tulong na sa kabuuan ay nagkakahalaga ng \$8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi likas na kumakatawan sa mga opisyal na mga pananaw ng, ni pag-eendorso ng ACL/HHS, ni ng Pamahalaan ng U.S.